# Panitikan, Ideolohiya, Rebolusyon: Edukasyon at Pedagohiya sa Pagbasa ng Nobelang Desaparasidos ni Lualhati Bautista

Epifanio San Juan, Jr.

**ABSTRAK**

Susi ang konsepto ng ideolohiya sa pagkilatis at pagpapahalaga sa anumang likhang-sining. Sa bisa ng ideolohiya, ginagawang sabjek ang indibidwal--sabjek na kumikilos, nagpapasiya, nananagot. Kapwa awtor at guro/estudyante ay nagiging sabjek sa praktika't institusyon ng ideolohiya. Sa kontekstong historikal, binibigyan ng imahinaryong kalutasan ang mga kontradiksiyon sa lipunan sa balangkas at istruktura ng tula, dula o anumang akda. Sinubukan ang tesis na ito sa analisis ng nobela ni Bautista. Iniugnay dito ang produksyong pampanitikan sa proseso ng tunggalian ng mga uri't sektor sa neokolonya sa kasalukuyang yugto ng kasaysayang global.

Mga susing salita: ideolohiya, kontradiksiyon, sabjek, desaparesidos, komoditi, indibidwalismo.

Ideology functions as a key concept in appraising and judging any work of art. Ideology transforms individuals into subjects--subjects that decide, act and accept responsibility. Authors, teachers, students all become subjects through the apparatus of ideological practices and institutions. In a historical context, social contradictions are resolved illusorily through the forms/structures of poems, plays, or any literary artifice. This thesis is demonstrated in the analysis of Bautista's novel, linking literary production to the historical process of class struggle in the neocolony at this specific global conjuncture.

Keywords: ideology, contradiction, subject, desaparecidos, commodity, individualism.

## Pambungad

Sa unang malas, umaayaw na o natatabangan ang marami sa pagkasulyap sa salitang "ideolohiya." Ano ba ito, propaganda o chika tungkol sa politika na hindi bagay sa okasyong itong pagsunod sa binagong K-12 curriculum. Kung inyong nabasa ang Batas at Memo ni Dir. Licuanan, nais daw hasain ang estudyante sa kritikal at malikhaing pag-iisip upang itransporma ang sarili at kapaligiran. Naku, bigating layunin ito. Idiniin din na kailangan daw iakma o iayon ang turo't aralin sa global istandard (tingnan ang Department of Education Webpage).

Isa sa required reading sa mga kolehiyo sa Europa at mga bansa sa Aprika at Amerika ang The *German Ideology* nina Marx at Engels. Tiyak na alam ng lahat na bawal ang komunistang lathalai't usapan sa mga klasrum, laluna sa panahon ng "Cold War." Tapos na ito sa buong mundo, pero patuloy pa rin tayo sa mentalidad ng pagbabawal (San Juan, *U.S. Imperialism*). Kung sa bagay, ngayon ang panahon ng "total surveillance," at hanggang ngayon, ang premyadong pelikulang "Orapronobis" ni Lino Brocka ay hindi pinahihintulutang maipalabas sa publiko.

Sa ano't anuman, ang "ideolohiya" ay salitang laganap na sa iba't ibang sangay ng aralin sa humanidades at siyensiyang sosyal. Hindi na dapat pagtalunan kung bakit mahalagang siyasatin ang kaugnayan nito sa pagtuturo. Halimbawa na nga ang inyong pagtaka o pagkamangha, kung nangyari nga, sa paglitaw nito sa programa.

Isa pang halimbawa: Malimit nating pasalamatan ang mga burokratang upisyal sa pagtustos sa pagpupulong tulad nito. Sa katunayan, ang dapat pasalamatan ay mga manggagawa, magbubukid at empleyadong tulad ninyo na siyang yumayari ng kayamanan ng bansa. Ang lakas-paggawa ng karaniwang mamamayan ang nagbubuwis ng halaga upang mangyari ang miting na ito, kaya sa kanila ang pasasalamat natin--hindi sa mga politiko at kanilang "pork-barrel" na nakaw sa pagod ng mga anak-pawis, bukal ng anumang kabihasnan.

## Pagkakaiba ng Indibidwal at Sabjek

Sa gayon, ang ideolohiya ay hindi lamang pumapatnubay na ideya o paniniwala kundi kilos, gawi, praktika. Ito'y mga institusyong siyang gumagawa ng sabjek sa bawat indibidwal (Eagleton). Ang sabjek ang siyang aktor na kinikilala, nagpapasiya, kumikilos, may pananagutan.

Makikita sa relasyon ng titser at estudyante: "Hoy, makinig kayo!" giit ng guro. Awtoridad ang titser, kinatawan ng Estado at siyang nagdedeposito ng kaalaman sa basyong utak ng mga kabataan. Ito ang "banking method" ng edukasyon na tinuligsa ni Paulo Freire. Galing ito sa mahabang karanasan natin sa disiplinang pedagohikal ng kolonyalismong Espanyol at Amerikano.

Sa pagsakop ng ekonomiyang nakaangkla sa "exchange value" ng trabaho, wikang Ingles ang instrumento sa paghulma ng sabjek ng malayang pamilihan--ipagbili ang lakas-paggawa kung may bibili. Bagamat ang hangarin ng makabagong sistema ay indibidwal na may nagsasariling katwiran ("autonomous rational mind," naisaad ni Immanuel Kant), kaiba ang resulta: ginagawang masunuring sabjek ang indibidwal sa posisyon niya sa istruktura ng lipunan.

Ang lipunan ay katumbas sa ugnayan o relasyon ng mga sabjek. Hindi ito kumpol lamang ng hiwa-hiwalay na inbidwal. Bawat identidad/kaakuhan--halimbawa, sabjek bilang awtor, mambabasa, guro, atbp.--ay nabubuo lamang sa loob ng ugnayang panlipunan. Samakatuwid, ang sabjek ay produkto ng pagkilala, pagtawag, interpelasyon ng diskurso, praktika, institusyon.

Hindi kaakuhan/identidad ng awtor ang pinagmumulan ng kahulugan ng akda. Iyon ay bunga ng diskurso, ng tekstong binubuo ng magkasalungatang puwersang nagsusulong sa kasayaysan. Ang indibidwal ay ginagawang sabjek ng wika sa diskursong gamit ng mga institusyong ideolohikal (primaryang referens dito sina Balibar at Macherey; konsultahin din si Althusser).

Makapangyarihan ang asignatura sa panitikang Filipino sa paglalantad ng sitwasyon kung saan ang wikang Ingles ay dominante pa rin, tanda ng poder ng modernisadong oligarkiya, na bunyag nga sa paggamit ng "mother tongue" sa unang baytang ng iskwela. Pahiwatig na sa kompitensiya ng wika, nananaig pa rin ang poder ng bangko't korporasyong global ng U.S., Europa, Hapon, at sirkulo ng industriyalisadong bansa. Ang poder ay naisakatawan sa wikang Ingles, o sa mga "englishes," na bumubuhay sa gahum o hegemonya nito sa buong daigdig (Lecercle; San Juan, *Toward Filipino Self-Determination)*.

Sa pamamagitan ng mga institusyon at operasyong praktikal nito, kinikilalang sabjek ang sinuman upang makaganap ng takdang tungkulin sa isang tiyak na lugar sa kasaysayan ng lipunan. Gayundin ang awtor: batay sa institusyonalisadong praktika, ang identidad ng awtor at gawa niya ay nakasalig sa pagtawag at pagkilala sa kanya ng namamayaning pananaw--ang normatibong paniniwalang operasyonal sa gawi, batas, atbp. kung saan nakasandig ang kapangyarihan ng dominanteng uri sa hinating lipunan.

## Perspektiba ng Materyalismong Pangkasaysayan

Walang sitwasyon na permanente sa kasaysayan. Lapatan natin ng historikal na panimbang ang pabago-bagong pagtingin sa awtor at akdang itinuturo natin (ikompara ang mga punto-de-bistang itinala ni Reyes sa *Kritisismo*).

Namihasa tayong ipalagay na ang isang akda ay bunga ng henyo o talino ng awtor. Iba noong sinaunang panahon: ang awtor ng epiko, korido, pasyon, atbp. ay kabilang sa pangkat na naglilingkod sa lider ng tribu, ng simbahan o aristokrasya (tulad ni Balagtas). Ginagabayan sila ng kombensiyon, determinadong kodigo, at panuntunang institusyonal.

Nag-iba ito paglipas ng Renaissance; tuluyang humiwalay ang artisano't naging negosyante ng kanyang dunong sa sinumang bibili nito. Malaya na siya sa malas, pero alipin naman ng pamilihan. Ganito pa rin ang sitwasyon ng awtor o sinumang intelektwal (guro, peryodista, atbp) na walang pag-aari ng kailangang kagamitan upang mabuhay.

Noong ika-19 siglo, umaklas ang mga artista laban sa burgesyang orden ng kapitalismong industriyal. Batay sa romantikong pananaw, ang awtentikong galing ng manunulat ay tiwalag sa burgesyang lipunan at indibidwalistikong pamantayan nito. Itinuring na doon nagmumula ang kahulugan at katuturan ng akda. Kalaunan, pinatingkad ito ng ideolohiya ng sistemang kapitalismo, bagamat ang normatibong mapang-angkin ay tinuligsa nina Flaubert, Zola, Dostoevsky, Gorki, Dreiser, Hemingway, atbp.

Ang rebelyon nina Villa, Abadilla, Amado Hernanez, at mga modernistang sumunod ay sintomas ng krisis ng sitwasyon ng petiburgesyang intelektwal sa neokolonyang predikamentong tumitingkad at lumalala ngayon.

Sa pagsipat at pagkilatis ng diskurso, mapapansin na impluwensiyal pa rin ang klasikong pamantayan nina Regalado, Balmaseda, Panganiban: ang "dulce et utile" ni Horace pinatining ng romantikong ideyalismo. Nitong dekada 70 at 80 pumasok ang formalismo, feminismo, istrakturalismo't iba pang tatak postmodernistang perspektibo, sa neoliberalismong bandila ng "end of ideology" o tandisang tagumpay ng kapitalismo pagbulusok ng Unyon Sobyet at alternatibong radikal.

## Diyalektikang Paghimay at Pagpapakahulugan

Tatlong lapit ang resulta ng panunuring sintomatika.

Una, ang didaktikong motibasyon: birtud ng literatura ang pumukaw ng diwa o damdamin at magbigay ng aral na mapapakinabangan. Masisinag ang utilitaryanismong ugit sa dokumentong nabanggit. Pangalawa, ang empirisistikong hilig na sa reyalistikong pamamaraan nailalahad ng akda ang katotohanan, tiwalag sa anumang paniniwalang moral o etikal ng awtor. Pangatlo, aliw ang dulot ng ayos o porma ng sining; kariktan o kagandahan ang mahalagang katangian nito para sa esklusibo't sopistikadong sensibilidad.

Matatarok na sintomas ito ng kontradiksiyon ng mga grupo sa lipunan: ang awtoridad ng mga naghaharing uring may mala-pyudal na pangitain, laban sa komprador-burokratang saray na tutok sa pamantayang global at siyentipikong pamantayan. May panggitnang oryentasyon din.

Ngunit hinahanap pa, dili kaya'y hinihitay pa, ang pagtinging sumasalungat ng mga nakararami, ang interpretasyong nagsisiwalat ng pagtatagisan ng samutsaring sektor ng lipunan at pagkakabuhol ng mga ito. Sa madaling salita, ang katotohanan ng kasalukuyan sitwasyon at kalakaran ng tunggalian ng mga uri.

Batay sa kuro-kurong naisaad, atupagin natin ang pangunahing tanong: Sa tawag ng nobela ni Bautista (*Desaparesidos*, 2006), anong sabjek ang nabubuo mula sa karanasan ng pagbasa? Upang matugon ito, marahil dapat usisain muna ang ating sitwasyon at kinalalagyan. Anong kondisyon ng ating lipunan sa ngayon? Bilang guro at estudyante, saan tayo nakapwesto sa kasalukuyang krisis ng kapitalismong global at alitang rehiyonal? Ano ang tungkulin natin sa institusyong inutusan ng Estado na hubugin ang isip at damdamin ng kabataan? Para sa anong layon o adhikain?

## Sipat, Kilatis at Timbang

Ang literaturang itinuturo ay isang sangay ng kabihasnan na kagamitan sa paghulma ng isip at kilos ayon sa dominanteng pangitain ng namumunong uri. Anong pangitain ang gumagana't nanaig?

Indibidwalismong makapamilya o makauri ang istandard, hinaluan ng ilang demokratikong islogan. Inatasan ang guro upang itanim sa utak at puso ang indibidwalismong makasarili kaagapay ng pagsunod sa batas. Hindi bulgar na pangungurakot sapagkat may kaunting aral tungkol sa pakikipagkapwa-tao at pagtulong o pagdamay sa di-kamag-anak, at pagmamahal sa bansa.

Sa tradisyonal na ugali, idinidiin ng guro ang aral o ulirang halimbawang mahuhugot sa tula, kuwento, nobela, dula na magsisilbing gabay sa araw-araw na pamumuhay.

Sa ganitong pagtingin, ang guro ay gumaganap ng papel ng isang awtoridad, tulad ng pulis o pari. Masunuring estudyante, hindi nagtatanong—ito ba ang hangad natin? Hindi ba kabaligtaran iyon ng nais natin: isang responsableng taong may sariling pangangatwiran? Paano maitatanim at mapapaunlad ang kakayahang mag-isip nang walang alalay, ang maging taong taglay ang kasarinlan at rasong independiyente (autonomous reason) na ideal ng demokrasyang orden, hindi diktadurya o pasistang sosyedad?

Ang panitikan ay produkto ng mga kontradiksiyong sosyal at siya ring nagpapaulit-ulit nito. Hindi nasa tinig ng diwa o guniguni ang kahulugan ng akda, kundi nasa pag-antig o pagpukaw ng saloobing nakatugma sa polarisasyon ng mga tauhan at pangyayari. Ang akda ay hindi ekspresyon ng nangungulilang diwa o malay kundi artikulasyon ng senyas o salitang taglay ang magulo't maligalig na ugnayan ng bawat tao sa lipunan.
Sa retorika ng teksto at pagbabalangkas ng naratibo, nakalilikha ng posisyon para sa mga sabjek na kumakatawan sa sistemang nabibiyak, tigib ng nakabibighaning katangian. Ang matingkad na karanasan o reyalidad ay bunga ng diskurso na humuhudyat o tumatawag sa atin upang makisangkot o lumahok sa tunggalian ng mga lakas (taglay ang ilang analohiya sa karanasan ng mismong awtor, ayon sa testimonyo niyang ibinahagi kay Rose Torres-Yu).

Bumungad sa dalumat ang interogasyon o interpelasyon ng akda. Saan tayo lalagay? Saan tayo papanig, saan makikisanib?

## Mula Teksto hanggang Kontekstong Historikal

Paano susuriin ang ideolohiyang hugis o banghay ng nobela ni Bautista?

Sa biglang sipat, mahihinuha na iyon ay nakasalig sa makatotohanang dating at epekto ng tila-realistikong detalye ng paglalarawan, laluna ang eksena ng tortyur, ng maramdaming pagtatalik nina Ana at Roy, atbp. Hindi kailangang magduda na peke o eksaherasyon ang mga pangyayari. Matalas at masinop ang paglalarawan ng malagim na karanasan na nakasentro sa mga rebolusyonaryong Ana, Roy, Karla, Jingki, at kanilang pamilya. Ano ang hinihiling sa atin? Ano ang demanda ng nasubaybayang eksena't pangyayari?

Nakaaantig ang pagsisiwalat ng matinding kahirapan ng mga aktibista, ng mabangis na kalupitan ng mga sundalo ng diktaturya, ng matinding galit at kalungkutang sinapit ng mga protagonista. Taglay ng akda ang makasaysayang kakintalang mahirap iwaglit sa kolektibong gunita.

Ating ungkatin ang ideolohiya ng teksto sa makinarya ng paghahanay ng mga insidente: Paano nalutas ang problemang gumulo sa buhay ng mga tauhan? Paano nairesolba ang mga kontradiksiyong prinsipal (diktadurya versus demokratikong masa at representatibong partido nito) sa pamamagitan ng imahinaryong paraan, sa pantasya o nais-kaganapan (wish-fulfillment)?

Pansinin na ang suliranin ng kontradiksiyon ng oligarkong pangkat suportado ng imperyalistang Estados Unidos at mga partisano ng demokrasyang pambansa ay naipaloob sa isang kompromisong antas. Ibig sabihin, naisalin iyon sa kuwadro ng problema ng inang nawalan ng anak at sakunang naranasan ng mga aktibistang pinahirapan.

Sa sakripisyo ni Karla, sa kanyang pagmamalasakit, na bunga ng pangingibang-bayan (paglipat sa Canada) at pagkalinga ng pamilya, nakuhang ipagtapat sa anak ang katotohanan ng nakalipas. Sumunod naman si Malaya sa paniniwalang ang pagka-ina (maternidad) ay biyolohikal, hindi sosyal; at pagtanggap sa kanya ni Ana bilang simbolo ng kanyang pagsisikap at gantimpala sa pagmamahal sa sarili.

Sa kasukdulan, umabot sa pagkakakilanlan at pagbabalik ng kaginhawahan, bagama't ironikal ang alingawngaw sa dulo. Na wari baga'y may kutob na walang tunay na pagbabagong naganap, may kutob na nasayang ang pawis at dugong ibinuhos ng

mga nakipagsapalaran, at bumabalik muli ang sinugpong nakalipas. Ano ba talaga ang kanilang mithiin? Ang katarungan ba'y nakasalalay sa hatol ng hukuman sa Estados Unidos, hindi sa Filipinas? Tila malabo pagdating natin sa dulo.

## Palaisipan ng Pakikibaka

Sa panig ni Roy naman, ang interogasyon ng Komiteng nagsisiyasat tungkol sa mga biktima ng martial-law kaugnay ng kasong ilalapit sa korte sa U.S., ay nagsilbing katarsis upang maibilad niya ang nasugpong yugto ng kanyang buhay, laluna ang pagkitil ng buhay ni Jingki ayon sa atas ng partido, na paghihiganti sa pagkasawi ng buong pamilya niya. Sa tulong ng mga abogadong Filipino at Amerikano, ang katarungan ay natamo, nagkaisa muli ang ina't anak, at nakamit ni Lorie ang kabatiran tungkol sa madugo't lihim na talambuhay ng kanyang magulang. Narekober ang nakalipas, nabuo ang totalidad ng kasaysayan, umabot tayo sa masayang wakas, bagama't may babala na baka maulit muli ang diktadurya sa proklamasyon ni Arroyo sa huling pahina.

Samakatwid, ang tunay na problemang hinarap ng nobela ay nalutas sa imahinaryong paraan, sa paglilipat nito sa isang lunan o palapag na madaling maaayos ang lahat sa paraang pagtawag sa tradisyonal na paniniwala, sukatan o prehuwisyong bumubuo sa lumang kaayusan na siyang pinagmulan ng krisis na sinuong ng mga karakter sa nobela.

Nabuo ang sabjek sa pagtuklas na gumagana pa rin ang tradisyonal na moralidad na batayan ng kilos, isip at damdamin ng tipikal na tauhan sa nobela: pamilya batay sa awtoridad ng magulang, sindak ng militar laban sa rebeldeng pangkat na dapat katakutan, atbp.

Matingkad ang paglalarawan sa problema ng mga anak at magulang, ngunit tila pansamantala lamang ang yugtong iyon, limitado sa ilang tauhan, hindi saklaw ang buong bansa. Lumilitaw na ang diktadurya ay tila anomalya lamang, at ang krisis ay pansamantalang emerhensiya. Ganoon din ang kalabisan ng mga kaliwang puwersa na siyang nagpakilos sa mga aktibista, ngunit hindi sumaklolo o tumulong sa kanilang kahirapan.

## Sinapupunan ng Transpormasyon

Sa namamayagpag na "culture of impunity," tila patuloy ang predikamento ng mga ina (konsultahin si Rose Torres-Yu, "Re-Imahinasyon ng Ina"). Testigo ang ina ni Jonas Burgos, ang mga magulang nina Karen Empeno at Sherlyn Cadapan, at marami pang iba. Baka maging "desaparecidos" ang buong bansa sa paglabas ng migranteng contract-workers--mahigit 10 milyon na--pati likas-yaman, mga islang lulubog o mawawasak sa bagsik ng napipinsalang kalikasan ng planeta.

Ang pagkawala ng anak ay mistulang sagisag sa pagkawala ng soberanya, kalayaan, integridad ng bansa. Simbolo kaya ng resureksiyon o muling pagsilang ang pagbabalik ng anak? Sino ang sabjek ng kinabukasang ipinahihiwatig ng pagbuo muli ng pamilya?

Kung hindi kayo sang-ayon sa metakomentaryong nailahad, patunay iyon na nangingibabaw pa rin ang tradisyonal na paraan ng pagsusuri't pagpapahalaga sa literatura (hinggil sa metakomentaryo, konsultahin si Jameson). Kung nababagabag man kayo, tumalab kahit paano ang proposisyong nailatag dito, maaaring simulang baguhin ang modo ng pagturing sa panitikan bilang repleksiyon ng tinatanggap na realidad o kaya'y ekspresyon ng kaluluwa ng salamangkero ng wika.

Simula ring maghuhunos ang pagkilala sa estudyante at guro bilang mga sabjek ng naghaharing paradigma o kwadro ng pagkilatis at pagpapahalaga. Sa gayo'y pwedeng mag-umpisa ang kumbersasyon ng mga komunidad sa impetus ng diyalektikal at materyalismong pagsusuring naibalangkas dito (makatutulong ang ilang halimbawa sa antolohiya ni Rose Torres-Yu, *Kilates*).

## Pangkalahatang Lagom at Pansamantalang Gahum

Sa paglagom, maitanong: taglay ba ng lahat ng akda o diskurso ang hugis ng ideolohiyang nahimay rito? Kung ganoon, walang dapat alalahanin. Walang panganib ang magbasa ng diskursong nag-uulat ng nakaririmarim na mga tagpo, ng mga nakasisindak na pangyayari. Sandaling nagimbal ang kalooban ng mambabasa.

Sa pag-igkas ng imbestigasyon hinggil sa mga biktima ng diktadurya, sa pag-inog ng mga insidente, maidadala lahat ng mga masalimuot na kontradiksiyon sa isang lugar na madaling maipapaliwanag ang lahat, at saka maiuugnay sa mapayapa't makabuluhang paraan ang mga nagtutunggaling puwersa upang sa gayon maisauli ang dating *status quo* at mapatahimik ang lahat. Kung tutuusin, walang dapat ikabahala sa masinop na pag-aaral ng nobelang puno ng madugo't marahas na tagpo.

Sa Kanlurang arkibo ng araling kultural, ang genre ng modernong nobela ay nakatuon sa pakikipagsapalaran ng naligaw na kaluluwa sa mundong walang diyos. Ang bayani ay masikhay na naghahanap ng kahulugan o katuturan sa buhay, biktima ng alyenasyon sa daigdig ng komoditi at ipinagbibiling bagay sa mega-mall saanman, napapaligiran ng walang tigil na sigalot, terorismo, digmaan ng mga uri't sari-saring lakas ng nagbubuhat sa gunita ng nakalipas at takot sa malagim na hinaharap.

Sa Filipinas, ang nobela ay nakaugat sa krisis ng pyudal at patriyarkal na orden. Naitampok sa pagsasalaysay ng buhay nina Ana at Roy ang predikamento ng pamilyang nabuwag at mga kabataang napahamak sa pakikibaka sa ngalan ng kalayaan at hustisya, sa kalakaran ng krisis ng neokolonyal na rehimen, kung saan natuklasan ng mambabasa

ang tunay na pagkatao ng mga sabjek sa proseso ng pagtataguyod ng rebolusyonaryong balak (muling itinalakay sa San Juan, *Between Empire & Insurgency*).

Makapagtuturo kaya ito ng mabuting halimbawa upang ang sabjek na imbensiyon ng diskurso, resulta ng wika ng likhang-sining, ay maitransporma sa mapagpalayang direksiyon? Magagamit kaya ang pormang ideolohikal ng literaturang pinaparangalan ngayon sa makatao't progresibong layunin? Tiyak na ito'y isang kolektibong proyekto na dumudulog sa lahat at humahamon sa ating budhi, puso, katapangan at katapatan.

*[Ang unang borador ng papel na ito ay binasa bilang panayam sa Ateneo University, 14 Pebrero 2014]*

## MGA SANGGUNIAN

Althusser, Louis. *Essays on Ideology*. New York: Verso, 1971. Nakalimbag.

Balibar, Etienne and Pierre Macherey. "On Literature as an Ideological Form." Nasa sa *Marxist Literary Theory*. Ed. Terry Eagleton and Drew Milne. New York: Blackwell, 1996. 275-295. Nakalimbag.

Bautista, Lualhati. *Desaparesidos*. Mandaluyong, MetroManila: Cacho Publishing House, 2006. Nakalimbag.

---. "Lualahati Bautista." Nasa sa *Sarilaysay* ni Rosario Torres-Yu. Manila: Anvil, 2000. 114-127. Nakalimbag.

Department of Education. "Discussion Paper on the Enhanced K+12 Basic Education Program." *DepEd Online*. 05 Oktubre 2010. <http://www.deped.gov.ph /cpanel/ uploads/issuanceImg /K12new.pdf> Web. Date accessed: 29 Disyembre 2013.

Eagleton, Terry. *Literary Theory*. Minneapolis, MN: University of Minnesota Press, 1983. Nakalimbag.

Freire, Paulo. *Pedagogy of the Oppressed*. New York: Herder and Herder, 1972. Nakalimbag.

Jameson, Fredric. *The Jameson Reader.* Ed. Michael Hardt and Kathi Weeks. New York: Blackwell, 2000. Nakalimbag.

Lecercle, Jean-Jacques. *A Marxist Philosophy of Language*. Chicago, Illinois: Haymarket Books, 2009. Nakalimbag.

Marx, Karl & Frederick Engels. *The German Ideology*. New York: International Publishers, 1960. Nakalimbag.

San Juan, E. *U.S. Imperialism and Revolution in the Philippines.* New York: Palgrave, 2007. Nakalimbag.

-----. *Toward Filipino Self-Determination.* Albany, NY: SUNY Press, 2009. Nakalimbag.

----. *Between Empire and Insurgency: The Philippines in the New Milllennium*. Quezon City: Philippines, 2014. Nakalimbag.

Torres-Yu, Rose. "Re-imahinasyon ng Ina sa Panitikan ng Kababaihan: Isang Imbestigasyon sa Ideolohiyang Maternal sa Panitikan." Nasa sa *Kilates*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006. 333-350. Nakalimbag.

Reyes, Soledad. *Kritisismo*. Manila: Anvil, 1992. Nakalimbag.

* * *

Si **E. San Juan, Jr.,** U.P. AB 1958, ay emeritus propesor sa English, Comparative Literature at Ethnic Studies sa Washington State University & U of Connecticut. Dating fellow sa W.E.B. Du Bois Institute, Harvard University, at ng Harry Ransom Center, U of Texas, Austin, nagturo rin siya sa Leuven University, Belgium, at Trento University, Italya. Ang mga huling libro niya ay BALIKBAYANG SINTA (Ateneo U Press), ULIKBA (UST Publishing House) at KUNDIMAN SA GITNA NG KARIMLAN (UP Press). Nakatakdang lumabas sa UP Press ang librong BETWEEN EMPIRE AND INSURGENCY at mula sa De La Salle University Press ang kalipunan ng mga panunuri niyang LUPANG HINIRANG, LUPANG TINUBUAN.